



Mennonite
Mission
Network

The mission agency of
Mennonite Church USA

Together, sharing **all of Christ** with all of creation

MissioDei

Exploring God's work in the world ■ Number 18

Ano ang Kristiyanong Anabaptist?

Palmer Becker



Revised
edition

Series editor
James R. Krabill

Ano ang Kristiyanong Anabaptist?

Palmer Becker

Panimula

Ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw sa pananampalataya at sa buhay ay namuhay na noon pang simula ng kapanahunan ng kaKristiyanuhan. Hanggang ngayon, karamihan sa mga grupo ng simbahan at halos lahat ng iglesia, ay mayroon pang mga miyembro na ang pagkakaunawa sa pananampalatayang Kristiyano ay kahalintulad ng paniniwala ng mga Anabaptist. Ang Anabaptist ay isang paraan ng pamumuhay bilang Kristiyano. Kung mayroong Anglican, Baptist, at Lutheran na Kristiyano, ay ganoon rin naman na mayroong Anabaptist.

Ang “Anabaptist” ay nilikhang salita na sa wikang Ingles ay nangangahulugang “muling pagbibinyag” o “re-baptizers”. Ito ay ipinangalan sa mga Kristiyano noong ika-16 na siglo na hindi gaanong naniniwala sa pagbibinyag sa mga sanggol, kaya, binabawtismuhan nila ang isa’t isa bilang mga matatandang nakakaunawa na sa pananampalataya. Ang mga Anabaptist na ito ang mga nagpasimula ng grupong ngayon ay kilala bilang mga Menonitang Kristiyano at iba pang kabilang sa tradisyon ng Malayang Simbahan.

Ang mga Anabaptist/Menonitang Kristiyano ay maraming pinanghahawakang pananampalataya na kahalintulad din ng ibang grupo. Sila ay naniniwala sa Dios na banal at maawain na may tatlong persona, sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtalikod sa kasalanan, sa katauhan at kabanalan ni Hesus, sa diwa at kapangyarihan ng Banal na kasulatan, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at sa simbahan bilang katawan ni Kristo. Subalit kadalasang may maliit na pagkakaiba ang mga paniniwalang ito kung ihahambing sa ibang pangkat.

Kung minsan, ang mga Anabaptist ay kinikilala bilang mga maka kaliwang bagwis noong Repormasyon ng mga Protestante. Sila ay umusbong noong panahon ng pang-ekonomiya at pang-lipunang pag-aalsa at naglayong higit na palawigin ang repormasyong sinimulan nina Martin Luther,

Ulrich Zwingli at John Calvin. Sa kasaysayan, ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay iginiit ang pagsunod kay Hesus sa pang-araw-araw na pamumuhay, ang pakikipagkasundo sa isa't isa habang si Kristo ang nananatiling nasa kalagitnaan ng komunidad, at pagsisikap na maayos ang mga di-pagkakasundo sa paraang walang dahas. Ikaw ba ay isang Kristiyanong may Anabaptist na pananaw?

Ang mga nanguna sa reporma ay binigyang-linaw sa ating pang-unawa na ang kaligtasan ay nagmumula sa pananampalataya, sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Dios. Ngunit, sa maraming paraan ay umiikot lamang ang kaniyang pang-unawa sa mga kaisipan na ipinalaganap nina Constantine at Augustine noong ikaapat at ikalimang siglo. Kung minsan ay hinahangganan ng mga Menonitang Kristiyano ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagtutuloy lamang sa kung ano ang sinimulan ni Menno Simons at ng mga Anabaptist noong ika-16 na siglo. Matutunan natin sa pamamagitan ng iba't ibang kilusang pagbabago kung ano ang kahulugan ng pagiging Kristiyano noong kapanahunang iyon at sa kulturang iyon. Kailangan lamang natin bumalik kay Hesus, ang patnugot ng ating pananampalataya, upang malaman natin kung ano ang basehan ng kahulugan ng pagiging Kristiyano sa ating kapanahunan.

Ang suliranin sa mga Kristiyano ay hindi ang maraming pagkakahati-hati nito, kundi ang pag-aatubili ng bawat grupo na matuto mula sa isa't isa. Ang mga Anabaptist na Kristiyano ay maraming dapat matutunan sa mga Kristiyanong mula sa ibang kultura at tradisyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kapangyarihan at kabutihan ng Dios, sa kahalagahan ng pananalig, at mga huwaran ng pakikibahagi sa lipunan. Ang mga Kristiyano na nagmula sa ibang kasarinlan ay maaari rin namang maraming matutunan mula sa tradisyong Anabaptist na sinasaklawan ng pagsunod kay Hesus sa pang-araw-araw na pamumuhay, pagpapakahulugan sa Salita ng Dios mula sa pananaw na nakasentro kay Kristo, na binibigyang kahalagahan ang pagiging Panginoon ni Kristo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang katawan ni Kristo ay maraming bahagi. Kung ang isang lupon ng bahagi nito ay mawala ang kanilang natatanging kaloob at pananaw, sila ay magiging kahalintulad ng asin na nawalan ng alat. Sa aklat ni Jack Trout na *Differentiate or Die*, kanyang sinabi na “kung ang isang samahan ay walang bukod-tanging kakayahan na maiaalok, ito ay mamamatay.”¹ Anong mga pananaw na makapagbibigay-buhay ang maiaalok ng mga Kristiyanong Anabaptist, at ano sa mga iyon ang kanilang tatanggapin?

Habang ang mga palatuntunan at layunin ay maaaring magbago, ang mga natatanging ubod ng pagpapahalaga na nagbibigay kahulugan sa samahan ay dapat panatilihing sagrado at hindi dapat baguhin.² Ano ang mga “sagradong”ubod ng pagpapahalaga ng mga Kristiyanong Anabaptist? Ipapaliwanag ng aklat na ito ang mga iyon sa anyo ng tatlong pahayag. Ang mga ito ay:

- 1. Si Hesus ang nasa kalagitnaan ng ating pananampalataya**
- 2. Ang komunidad ang nasa kalagitnaan ng ating pamumuhay.**
- 3. Ang pagkakasundo ang nasa kalagitnaan ng ating gawain.**

Ang pagiging Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay pinaghalong *paniniwala* kay Hesus, *pakikibahagi* sa komunidad, at *pagasal* sa mapagkasundong paraan.³ Ang ilan sa mga bagay na ipinamuhay at ikinamatay ng mga Anabaptist ay tinatanggap na at binabalewala ng karamihan sa mga Kristiyano. Ang ibang mga kasanayan at katuruan ay nananatili pa ring hamon at masalimuot. Ngunit parami nang parami ang mga taong nakakapansin na ang pagkaunawa ng Anabaptist sa pananampalataya ay makatutulong sa kanilang matapat na pagsunod kay Hesus sa kasalukuyang panahon.

Ang tatlong prinsipyong isinusulong sa aklat na ito ay makabagong pag-akma sa *The Anabaptist Vision*, isang kilalang pahayag noong 1943 ni Harold S. Bender, na noong panahong iyon ay pangulo ng American Society of Church History.⁴ Ipinaliwanag ni Bender na ayon sa kanyang pagkakaunawa sa Banal na Banal na kasulatan at sa kasaysayan ng Anabaptist:


1. Ang pagiging Kristiyano ay pagiging *alagad*. Ito ay ang pagsunod kay Hesus sa pang-araw-araw na pamumuhay.
2. Ang simbahan ay *kapatiran* o *pamilya*. Ang mga miyembro ay hindi lamang ipagkakatiwala ang kanilang sarili kay Kristo. Ipagkakatiwala rin nila ang kanilang sarili nang kusang-loob sa isa't isa.
3. Ang mga tagapagsunod ni Hesus ay mayroong *etiko ng pag-ibig at hindi paglaban*. Bilang mga taong nabago na, sinisikap nilang maging mga tagapagkasundo na iniwasan ang kaguluhan at giyera.

Ang tatlong ubod ng pagpapahalagang ito ay maraming pinagbuhatan. Ipapaliwanag ng aklat na ito kung paano lumago ang mga ito sa kasaysayan, at kung paano magagamit sa kasalukuyang panahon. Ipapakita ng aklat ang mga ito nang may iba't ibang pahayag at may mga katanungang dapat pagbulay-bulayan. Kapansin-pansin na binigyang-diin ang mga positibong ambag ng mga naunang Anabaptist, at hindi gaanong pinakita ang mga negatibo. Ang layunin nito ay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga interesadong tao upang makapagtanong at masagot ang katanungang, “Ano ang ideyal na Kristiyanong Anabaptist?”

Binibigyang parangal si Jeff Wright, ang dating ministryo ng *Pacific Southwest Mennonite Conference*, na siyang nagpasimula ng imahinasyon tungkol sa aklat na ito. Pinapasalamatan din sina Theodore A. Weathers; Ardys Becker; Myron Augsburg; David Martin; John Roth; James Reimer; André Gingerich Stoner; Alan Kreider; Marlene Kropf; John Rempel; David Pfrimmer; Neal Blough; at James Krabill, na siyang mga nagbigay ng puna habang ginagawa ang aklat na ito. Ngunit, nasa may akda ang buong pananagutan sa mga nilalaman ng aklat, sa pagkilala na maraming Kristiyano ang maaaring pumagitna sa mga posisyon na inilalarawan dito.

Ubod ng Pagpapahalaga #1:

Ubod ng Pagpapahalaga #1: Si Hesus ang nasa kalagitnaan ng aming pananampalataya




Sinimulan ni **Hesus** ang kanyang ministryo noong higit-kumulang 30 CE sa pamamagitan ng Kanyang pagtitipon ng mga alagad. Sa loob ng tatlong taon, ang mga alagad na ito ay nanirahan, kumain, at gumawa na kasama ni Hesus. Natutunan nila kung paano Siya nagmalasakit sa mga mahihirap, nagpagalling ng mga may karamdaman, nagbigay ng paningin sa mga bulag, nagpatawad ng mga makasalanan, at nagturo sa napakaraming tao. Noong mga panahong iyon, hanggang sa namatay si Hesus, Siya ang naging sentro ng kanilang pananampalataya at pamumuhay. *Naniwala* sila sa Kanya bilang kanilang Guro, Tagapagligtas at Panginoon na higit sa mga guro, tagapagligtas at panginoon ng kanilang panahon.

Malalim ang kahulugan ng pagiging Kristiyano para sa mga alagad, na higit pa kaysa pagiging mananampalataya o sumasamba. Ito ay nangangahulugan na isang taong puspos ng Banal na Espiritu na sumusunod kay Hesus sa pang-araw-araw na pamumuhay. Dahil sa kanilang pananalig kay Hesus at sa pamamalagi ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay, napapansin ng mga tao sa paligid nila na sila ay nagiging kahalintulad ni Kristo sa kanilang pag-uugali at pamumuhay. Kung maitatanong ang mga alagad, malamang na kanilang isasagot nang may kasiglahan, “*Si Hesus nasa kalagitnaan ng aming pananampalataya!*”

Sa loob ng 250 taon, naranasan ng mga sinaunang Kristiyano ang Espiritu ni Hesus sa kanilang kalagitnaan. Ngunit sa lumipas na mga siglo, maraming pagbabago ang ipinakilala sa pananampalatayang Kristiyano na halos gawin itong bagong relihiyon.⁵ Dalawang tao ang naging simbolo ng pagbabagong ito. Ang isa ay politiko. Ang isa naman ay teolohiko.



Constantine, ang politiko,⁶ ay pinuno ng Imperyong Romano. Bungan g kanyang karanasang espiritwal kung saan nakakita siya ng isang krus, itinigil niya ang pag-usig sa mga Kristiyano at hinayaang kilalanin ang Kristiyanismo bilang relihiyon sa Imperyong Romano. Ngunit, sa kanyang pamumuno at maging pagkatapos nito, mas hinuhusgahan ang mga tao ayon sa kanilang mga paniniwala kaysa sa kung paano sila namumuhay.



Augustine, ang teolohiko,⁷ ay nakilala makalipas ang ilang panahon. Malawak ang kanyang naging karansan at maaari siyang tawagin ng iba na pinakadakilang teolohiko ng Kanluraning Iglesia. Ngunit, unti-unting naglabasan ang iba’t ibang pananaw na may pagkakaiba kaysa sa mga naunang alagad. Sa halip na bigyang-pansin ang buhay at ministryo ni Hesus, ang simbahan ay mas pinagtuunan ng pansin ang kamatayan ni Kristo. Ang Paniniwala ng mga Alagad na naging tanyag noong kapanahunang ito, ay hindi man lamang binanggit ang mga katuruan at ministryo ni Hesus. Sa halip na sabihing “*Si Hesus ang sentro ng aming pananampalataya,*” maaaring sabihin ng mga tagasunod ni Augustine na “*Ang kamatayan ni Kristo ang sentro ng aming pananampalataya.*”

Ubod ng Pagpapahalaga #1:


Maraming pagbabago ang naganap. Kung ang mga naunang Kristiyano ay ang mga minority na patagong sumasamba, sa kasalukuyan sila'y nagpupulong sa mga magagandang gusali. Kung ang mga naunang mananampalataya ay dumaan sa mga pagsasanay, nabawtismuhan bilang mga matatanda, at lumahok sa kanilang samahan, sa kasalukuyan ay mga sanggol ang binabawtismuhan at lahat ng mga mamamayan maliban sa mga Hudyo ay kabilang sa simbahan na nakahanay sa gobyerno. Kung noon ay binigyang-diin ang pagsunod kay Hesus, sa ngayon ay nakatutok na sa tamang doktrina, mga ritwal, at ang pagtatanggol ng kanilang sarili laban sa mga kaaway. Kung ang sinaunang iglesia ay ibinahagi ang kanilang pananampalataya sa isa't isa sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, sa kasalukuyan ay pagpapalawak ng kahariang Kristiyano ang pinapakahulugan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kung ang karamihan sa mga Kristiyano noong unang panahon ay tinanggihan ang serbisyo militar, sila naman ang natatanging maaaring maging bahagi ng hukbong Romano noong kapanahunan ng kamatayan ni Augustine.

Sa pagitan ng mga taong 1200 at 1500 CE, maraming iba't ibang mga tao at pangkat ang nakakita ng mga pagkukulang sa tinatanggap na pangkalawakang pag-unawa sa kaligtasan at iglesia. Si **Martin Luther**, isang mongheng Aleman, na masusing pinag-aralan ang teolohiyang Augustinian, ay isa sa mga repormista. Sina Ulrich Zwingli, isang pastor na Swiss, at si John Calvin, isang repormang teolohiya, ay mga iba pa. Sila ang mga nagpasimula ng pagbabago. Hindi nagustuhan ni Luther ang kasanayan ng mga pari at papa na pagpapatawad at pagliligtas mula sa purgatory sa pamamagitan ng mga mabubuting gawain. Noong ika-31 ng Oktubre, 1517, sa kagustuhang maghamon ng pampublikong debate, nagpaskil siya ng 95 Banal na kasulatan, o mga argument, sa isang pinto ng simbahan sa Wittenberg, Germany. Ito ang nagpasimula ng Repormasyong Protestante.⁸



Pinatunayan nina Luther at Zwingli na ang Banal na kasulatan ang basehan ng pananampalataya at paggawa, at iginiit na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng grasya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Subalit, ang kaligtasang ito ay nangangahuugang pagtanggap ng buhay na walang hanggan. Ang iba ay tinatawag itong kaligtasan ng kaluluwa sa halip na kaligtasang pangkabuuan. Habang ang mga Kristiyano ay inaasahang maglingkod sa Panginoon at sa kapwa, ang katuruan ng simbahan sa pagsunod kay Hesus at sa pakikiisa sa komunidad ay hindi gaanong nabibigyang-diin.

Ilan sa mga mag-aaral nina Ulrich Zwingli, kabilang na sina Conrad Grebel, Felix Manz at George Blaurock, ay madalas na nagtitipon sa Zürich, Switzerland, upang mag-aral ng Banal na kasulatan. Katulad naman ng kanilang kalagayan sa Timog Germany at Moravia sina Hans Hut, Hans Denck, Pilgram Marpeck at Jakob Ilang panahon pa ay lumitaw si **Menno Simons**, isang dating paring Katoliko, na nagtipon ng mga pangkat na umuusbong sa Netherlands.⁹



Ang mga mag-aaral na ito ay ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaral tungkol kay Hesus at sa mga alagad. Ang Hebreo 12:2, “Na masdan natin si Hesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya,” ang naging sentro ng karamihan. Ang 1 Corinto 3:11, “Sapagka't sinoman ay hindi makapaglilagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na, na ito'y so Kristo Hesus,” ang pinanghawakan naman ni Menno Simons. Sa paglipas ng panahon, ang Sermon sa Bundok, kapag kinasihan ng Banal na Espiritu, ay nakita bilang karaniwan sa buhay Kristiyano.

Ubod ng Pagpapahalaga #1:

Bagama't sumasang-ayon ang mga naunang Kristiyanong Anabaptist ukol sa Paniniwala ng mga alagad at sa karamihan sa mga itinuturo nina Luther at Zwingli, ninais nilang mas lumalim pa dito. Ninais nilang tawaging “ipinanganak na muli” sa halip na “tinuwid ng pananampalataya”. Kung ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng awa ng Dios, tinatawagan nila ang mga mananampalataya na magkaroon ng mas masidhing pagsunod. Iginiit nila na ang kaligtasan, na naisakatuparan ni Hesus at ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay dapat na magbunga ng pagbabago sa moral, sosyal, at ekonomikong pamumuhay ng isang tao. Ang pagbabawtismo sa mga matatanda ay isang pananda na ang kaligtasan at pagbabagong ito ay naganap na. Kung tatanungin ang mga naunang Kristiyano, maaaring makikiisa sila sa mga alagad na magsasabing “*Si Hesus ang sentro ng aming pananampalataya!*”

Ano ang pakahulugan nito sa atin ngayon? Ang mga Kristiyanong Anabaptist ay naglalayong ipaliwanag ang kanilang pagkakaunawa kay Hesus sa tatlong mahahalagang pamamaraan:

1. Dapat sundin si Hesus sa pang-araw-araw na pamumuhay

Ang pagiging Kristiyano ay higit pa sa pagkakaroon ng espiritwal na karanasan, pagsunod sa isang panniwala, o pagiging matuwid sa harap ng Dios. Ang pagiging Kristiyano ay nangangahulugan ng pagsunod kay Hesus sa pang araw-araw na pamumuhay. Ang mga Kristiyanong Anabaptist ay nagsasabing, “ang pagiging Kristiyano ay pagsunod!” Sa salitang Aleman ito ay *Nachfolge Christi* o “pagsunod kay Kristo.” Malinaw itong ipinahayag ni Hans Denck, isang sinaunang Anabaptist, noong kanyang sinabing, “Walang sinuman ang tunay na makakakilala kay Kristo maliban na susundin Siya sa araw-araw na pamumuhay, at walang sinuman ang makakasunod kay Kristo sa araw-araw na pamumuhay maliban kung tunay Siyang kinikilala.”¹⁰

Ang kaligtasan, sa tradisyong Anabaptist, ay nangangahulugan ng pagbabago mula sa lumang paraan ng pamumuhay tungo sa buhay na nagpapakita ng espiritu at mga gawa ni Hesus. Ang kaligtasan ay hindi lamang pagbabago ng pakikitungo ng Dios sa atin. Ito ay ang pagbabago n gating pakikitungo sa Dios, sa mga tao, at sa buong mundo. Ang pagbabagong ito ay dulot ng pamamahay ng Banal na Espiritu, na nagbibigay-lakas sa mga alagad upang sundin si Hesus sa araw-araw na pamumuhay.

Karamihan sa mga Kristiyano, matapos maligtas, ay patuloy na nakikita ang kanilang mga sarili bilang mga makasalanang wala nang pag-asa, na hindi kayang magkaroon ng matagumpay na pagbabago sa kanilang buhay. Sabi ng iba, “Hindi ako naiiba. Ako ay napatawad lamang.”Hindi ito sinasang-ayunan ng mga Kristiyanong Anabaptist. Naniniwala sila na ang mga katuruan at ang Espiritu ni Hesus ay may kakayanang baguhin at bigyang-lakas ang isang mananampalataya upang mapagtagumpayan ang masama. Sila ay inaanyayahan na magkaroon ng radikal na pagsunod kay Hesus sa araw-araw na pamumuhay.

Ubod ng Pagpapahalaga #1:

2. Ang Bibliya ay isinalin ayon sa pananaw na naka-sentro kay Hesus

Karamihan sa mga Kristiyano ang may tinatawag na “patag” na Bibliya, na ipinagpapalagay na ang salita ng Dios ayon sa pagkakaunawa ni Moises sa Lumang Tipan ay kapantay ng kapangyarihan ng salita ni Hesus sa Bagong Tipan. Kapag politikal at sosyal na isyu ang tinatalakay tulad ng digmaan, kapitalismo, o pagtrato sa mga maysala, ginagamit ng iba ang mga katuruan sa Lumang Tipan bilang basehan ng kanilang paniniwala at mga gawain, kahit na ang mga ito ay naiiba sa mga katuruan ni Hesus sa Bagong Tipan.

Ang ibang Kristiyano naman ay ibinabatay ang kanilang interpretasyon sa Biblia ayon sa kung anong kapanahunan nabanggit ang isang kautusan. Sa ganitong paraan, ang pagsunod kay Hesus na gaya ng isinasaad ng Sermon sa Bundok ay maipapaliban hanggang sa pagdating ni Kristo. Sa kasalukuyang panahon, si Hesus ay sinasamba, ngunit hindi sinusunod.

Ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay naglalayong bigyang-kahulugan ang Bibliya nang may etikal na pananaw na nakasentro kay Kristo. Si Hesus ang kabuuang rebelasyon ng Dios at ng Kanyang kalooban, na nangangahulugang kung minsan ay nangingibabaw ang mga katuruan ni Hesus kaysa mga naunang katuruan. Si Hesus mismo ay nagwika, “Narinig ninyo na sinabi ... Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo ...” (Mateo 5:21, 27, 31, 33, 38 at 43). Gayon din, idineklara ng may akda ng Hebreo na, “Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak ... palibhasa’y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios ...” (1:1-3). Sabi ng misyonerong si Peter Kehler, “Kung ang Banal na kasulatan ay walang ibang gawin kundi ipakilala sa akin si Hesu-Kristo, iyon ay sapat na!”¹¹

Pinaninindigan ng mga Kristiyanong Anabaptist na ang lahat ng Banal na kasulatan ay kinasihan, ngunit hindi sila mahigpit na literal. Ninanais nilang panghawakan ang Banal na kasulatan at ang Espiritu ni Hesus na may malikhaing lawig. Ang lahat ng Banal na kasulatan ay dapat na bigyang-kahulugan ayon sa Espiritu ni Hesus. Ang mga taga-sunod ni Hesus ay kadalasang nagkakaroon nug suliranin kapag kanilang binibigyang-diin ang *Banal na kasulatan* kaysa sa Espiritu, o di kaya ay kapag binibigyan-diin ang Espiritu kaysa sa Banal na kasulatan. Ang Banal na kasulatan at ang Espiritu ay dapat na magkalakip.¹²

Kung ang mga Kristiyanong Anabaptist ay nakikita ang Banal na kasulatan bilang siyang pinagmumulan ng kaalaman, nakikita naman nila si Hesus bilang nakatataas pagdating sa pananampalataya at pamumuhay. Siya ang Panginoon ng Banal na kasulatan at ito ay kailangan para sa personal at sosyal na etiko. Walang kasulatan na may kapangyarihan maliban sa paraan na ito ay matapat na may kaugnayan sa mga katuruan at Espiritu ni Hesus. Kung kaya, kapag ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pag-iisip ay nahaharap sa

Ubod ng Pagpapahalaga #1:

isang etikal na katanungan, sila ay unang lumalapit kay Hesus para sa pangunahing gabay pagkatapos ay sa iba pang kasulatan para sa mas malalim na pagkakaunawa. Kung ang dalawang talata sa Banal na kasulatan ay hindi nagkakatugma, hinahayaan nilang si Hesus ang siyang mamagitan!

3. Si Hesus ay tinanggap bilang Panginoon at Tagapagligtas

Maraming mga Kristiyano ang naninindigan na si Hesus ang kanilang personal na Tagapagligtas mula sa kasalanan, ngunit hind nila binibigyang-diin ang pagsunod sa Kanya bilang Panginoon sa pang-araw-araw na pamumuhay. Tinatanaw nila si Hesus bilang Tagapagligtas mula sa mga pansariling bisyo, ngunit kapag sila ay nahaharap sa malakihang sosyal at politikal na suliranin, ang sinusunod nila ay ang kanilang mga amo, pinuno, heneral o pangulo. Bilang resulta, marami sa mga Kristiyano sa kasalukuyang panahon ay mas sumusunod sa kautusan ng kanilang mga makamundong pinuno kaysa sa mga pinunong tinawag ni Hesus.

Naniniwala ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw na ang gobyerno ay karapat-dapat sundin sa hangganang pinahihintulutan ng kanilang paniniwala. Layunin ng gobyerno na mag-imbak ng buhay at lumikha ng kaayusan sa isang sekular na daigdig. Ang pagsunod sa mga batas ay hindi nangangahulugang tayo ay susunod na parang mga bulag sa kahit ano mang iutos ng gobyerno. Dahil ang ating pinakamataas na katapatan ay para kay Hesus at sa kaharian ng Dios, maaari tayong hindi sumunod sa mga inuutos n gobyerno kung ito ay labag sa mga kautusan ni Hesus. Kapag may mga alitan sa pagitan ng katuruan ni Hesus at ni Caesar, katulad ng mga naunang alagad, ating sabihin, “Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao”¹³ (Gawa 5:29).

Sa kabuuan, ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay mga *mananampalataya* na naglalayong:


1. Sumunod kay Hesus sa araw-araw na pamumuhay.
2. Ipaliwanag ang Banal na kasulatan ayon sa Espiritu ni Hesus.
3. Ipagkaloob ang pinakamataas na katapatan kay Hesu-Kristo.

Si Hesu-Kristo ang nasa kalagitnaan ng kanilang pananampalataya. Ikaw ba ay isang Kristiyanong Anabaptist?

Ubod ng Pagpapahalaga #2:

Ubod ng Pagpapahalaga #2: Ang komunidad ang nasa kalagitnaan ng aming pamumuhay

Isa sa mga unang bagay na ginawa ni **Hesus** nang mag-umpisa Siya sa Kanyang ministryo ay ang pagbuo ng komunidad. Inanyayahan Niya si Pedro at Andres, at si Santiago at Juan upang sumama sa kanya. Kinalaunan, dumami ang mga tagasunod Niya kung kaya Siya ay pumili ng 12 alagad. Sila ay nag-aral, kumain, naglakbay, at naglingkod na magkakasama hanggang sa kapistahan ng pagdating ng Espiritu Santo sila ang naging ubod ng isang lipunang tinawag na simbahan. Sa Gawa 2, pag-ukulang pansin na ang mga sinaunang mananampalataya ay nagkikita-kita bawat araw, hindi lamang sa Templo, kundi maging sa kanilang mga tahanan kung saan sila ay kumakain nang may kagalakan at kapakumbabaan sa kanilang mga puso, nagpupuri sa Panginoon, at tinatamasa ang kabutihang-loob ng mga tao.



Ang simbahan noong panahon ng Bagong Tipan ay nagdulot ng pamalit sa paraan ng pamumuhay kapwa sa banal at politikal na realidad ng kanilang panahon. Ang ganitong paraan ng pamumuhay ay itinuro at ipinagdiwang sa templo at pinag-usapan at ginamit sa mga pangkat sa tahanan.


Sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaniyang mga tagasunod gamit ang mga pampamilyang termino, kapansin-pansin na nais ni Hesus na ang kaniyang mga tagasunod ay hindi lamang *maniwala* sa kaniya, kundi magkaroon ng malakas na diwa ng pagiging *kabilang* sa isa't isa. Nagtaka ang maraming tagapagmasid sa ginawa ng Dios sa pangkat ng mga unang Kristiyano. Mayroon silang mga kaloob, tarok ng isip, at katapangan upang ipagpatuloy ang mga sinimulan ni Hesus noong Siya ay kasama pa nila. Kung tatanungin ang mga unang alagad, malamang na kanilang sasabihin, “Ang komunidad na naka-sentro kay Hesus ang sentro ng aming pamumuhay!”

Sa halip na bigyang-diin ang simbahan bilang isang pamilya na nagtitipon upang mag-aral ng Biblia, magbahaginan, manalangin at sumamba, binigyang-diin ni **Constantine** ang simbahan bilang isang samahan na nagtitipon sa malalaking santwaryo. Ang mga mayayaman, na tumanggi sa pagbabagong-loob, ay handing sumapi sa simbahan na may kaugnayan sa emperador. Maraming mga tao ang nabawtismuhan maging sila man ay totoong taga-sunod ni Hesus o hindi. Bilang bunga nito, sa halip na ang simbahan ay nasa daigdig, ang “daigdig” ang lumapit sa simbahan.



Sa tulong at pagpapalakas ng loob sa kanya ng kanyang ina, si Constantine ay nagpatayo ng mga malalaking simbahan sa Roma at sa mga lugar ng kapanganakan at kamatayan ni Hesus. Kinalaunan, nagkaroon ng simbahan sa halos lahat ng bayan. Sa halip na sabihing, “Ang komunidad na naka-sentro kay Hesus ang sentro ng amingpamumuhay,” sinasambit na ng mga Kristiyano na, “May isang simbahan na nakatayo sa gitna n gaming siyudad.”

Ubod ng Pagpapahalaga #2:



Si **Augustine** ay nahirapan na palaguin ang kanyang personal na buhay na may pagsunod sa loob ng isang lipunan na itinuturing ang bawat isa na Kristiyano. Para sa kanya at sa kanyang mga tagasunod, mahirap kilalanin ang mga kabilang sa katawan ni Kristo at iyong mga hindi. “Ang mga trigo at damong masama ay magkakasamang tumutubo,” wika niya.


Sa halip na maranasan ang presensya ng Dios sa komunidad, binigyang-diin ni Augustine ang pagdanas sa presensya ng Dios sa pamamagitan ng mga sakramento. Ang isang pananampalatayang nauukol sa sakramento kung saan mapapatawad mula sa taal na pagkakasala, ay nangangailangan ng ritwal ng bawtismo. Upang mapatawad sa mga nagagawang kasalanan, kailangan ng mga mananampalataya ng misa. Sa paglipas ng mga siglo, umusbong ang pagkakaunawa na upang mapalaya mula sa purgatory, kailangan manalangin sa mga santo, magbigay ng pera sa mga mahihirap, at bumili ng mga kaloob mula sa papa.

Sa paglipas ng panahon, ang kaisipan ng pagiging kabahagi ni Kristo at pagiging malapit ng bawat isa sa komunidad ay tuluyang naglaho. Ang mga nagnais na sumunod kay Hesus at maranasan ang isang malapit na komunidad ay piniling maging mga monghe o madre na nakatira sa mga monastery at kumbento. Ito ay nagbigay ng pananaw na ang pagsunod kay Hesus at ang pagkakaroon ng magandang relasyon sa isang komunidad na naka-sentro kay Kristo ay imposible para sa mga karaniwang tao.



Si **Martin Luther** at ang iba pang mga repormista ay naglayong repormahin ang simbahan ayon sa maka-Bibliang batayan. Inihwalay nila ang kanilang sarili sa Roma, at sa kanilang pangangaral tungkol sa Biblia, sinimulan nilang bigyang-diin ang pagkasaserdote ng lahat ng mga mananampalataya. Marami sa mga tagasunod nina Luther at Zwingli ay nag-asam na makalaya mula sa sistemang puno ng alitan noong kanilang kapanahunan. Noong may mga magsasaka na humawak ng sandata upang hamunin ang di-makatarungang mga nakatataas sa lipunan, sina Luther at Zwingli ay pumanig sa mga pinuno, sa pagnanais na manatili ang kaayusan. Habang kanilang pinagsasabihan ang mga pinuno tungkol sa kanilang responsibilidad sa mga mahihirap, hindi naman sinasadyang sila ay humuwad ng isang alyansa sa pagitan ng simbahan at taumbayan. Sa proseso, naglaho ang pagtitiwala ng mga magsasaka sa kanila.

Pinigilan ng Digmaan ng mga Magsasaka o “*Peasants’ War*” at ng iba pang politikal na pangyayari sina Luther at Zwingli upang maipalaganap ang karamihan sa kanilang mga itinakdang pagbabago. Ipinagpatuloy nila ang mga pangunahing istruktura ni Constantine at ang teolohiya ni Augustine, pinanatili ang pamamalakad ng pamahalaan, santwaryo bilang istruktura ng simbahan, pagbabawtismo ng mga sanggol bilang pagpapakilala sa simbahan, at ang pribadong kapaliwanagan ng Biblia bilang pangunahing daan sa pagkilala sa kalooban ng Dios.



Ang mga unang Anabaptist, kabilang na si **Menno Simons**, ay nadismaya sa kakulangan ng Repormasyon. Hindi lamang nila ninais na *baguhin* ang simbahan pabalik sa mga istruktura na sinimulan nina Constantine at ang teolohiya ni Augustine. Ninais nilang *ibalik* ang simbahan sa tulad at anyo ng Bagong Tipan. Naniwala sila na ang simbahan ay

Ubod ng Pagpapahalaga #2:

kinakailangang magkaroon ng kasarinlan at maging kahaliling lipunan sa daigdig.

Dahil sa pag-uusig, ang mga unang Anabaptist, tulad ng mga unang mananampalataya sa sinaunang simbahan, ay napilitang lihim na magtagpo upang pag-aralan ang Biblia, magdamayan, manalangin, at sumamba. Sa mga tahanan at lihim na tagpuan, madalas nilang nararanasana ng presensya ni Kristo sa kanilang kalagitnaan.

Maraming pagkakaiba ang makikita sa mga unang Anabaptist. Ang iba ay nangingibabaw ang pagpapahalaga sa mga huling araw. Ang iba ay bumaligtad at gumamit ng dahas. Ang isang pangkat sa Münster, Germany, ay umabot pa sa pagpapalit sa mga nahalal na konseho ng kanilang lungsod sa 12 nakatatanda na ipinapahayag ang kanilang sarili bilang Bagong Israel, ipinakilala ang pag-aasawa ng marami, at gumamit ng armas sa pagtatanggol sa sarili. Ang ganitong gawain ng mga tagilid na pangkat ng Anabaptist ay lumikha ng negatibong reputasyon sa mga Anabaptist at Menonitang Kristiyano na hanggang sa kasalukuyan ay namamalagi.

Ang malakas na pakikipagkapwa ng mga Anabaptist at ang kanilang pagiging kabahagi ni Hesus ay nakatulong upang maitalaga nila ang kanilang buhay kay Hesus sa gitna ng mapanghamong daigdig. Kung sila ay tatanungin, marahil ay kanilang sasambitin kaisa ng mga unang alagad, *“Ang isang komunidad na nakasentro kay Kristo ang nasa kalagitnaan ng aming buhay!”*

Sa kasalukuyan, ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay nauunawan ang pamumuhay na nasa kalagitnaan ng komunidad si Kristo sa pamamagitan ng tatlong magkakaibang paraan:

1. Ang pagpapatawad ay kinakailangan ng komunidad

Si Hesus ay dumating upang tayo ay magkaroon ng buhay at mamuhay ng sagana. Taimtim niyang idinalangin na tayo ay maging isa katulad ng Kanyang pagiging isa sa Ama. Lumilitaw ang mainit na samahan ng komunidad at ang iba pang pakinabang na dulot nito kung ang mga kasapi ng katawan ni Kristo ay tapat sa paghingi ng kapatawaran sa isa't isa. Inaalís ng pag-amin at paghingi ng tawad ang anumang hadlang upang magkaroon ng pakikisama sa Dios at sa bawat isa. Naniniwala ang mga Kristiyanong Anabaptist na ang pagpapatawad ay kinakailangan upang lumikha at mag-aruga ng isang komunidad.

Ang suliranin ng sangkatauhan ay hindi ang kakulangan ng salapi, kakulangan sa edukasyon o kakulangan sa kapangyarihan. Ang suliranin ay inaalipusta natin ang isa't isa. Mula pa lamang sa simula, ang mga tao, nag-iisa man o may pangkat, ay inalipusta na ang Dios at ang bawat isa sa pamamagitan ng kanilang mga pag-uugali at kilos. Ang kinalabasan ay nasirang pakikipag-ugnayan sa Dios, sa isa't isa, sa sarili, at sa buong mundo.

Ubod ng Pagpapahalaga #2:

Malulutas lamang ito kung ang isang partido ay magsisisi at hihingi ng kapatawaran. Sa kasamaang palad, sa kamunduhan, marami ang nagtatangkang lumimot nang hindi nagpapatawad. Kadalasan, napapalitan ng pagtangga at pagtatanggol sa sarili ang matapat na pag-amin at pagpapatawad.

2. Ang banal na kasulatan ay ipinapaliwanag sa komunidad

Maraming Kristiyano ang nililimitahan ang sarili sa pribadong pag-aaral ng Biblia pagkatapos ay ipapahayag sa iba kung ano ang kanilang personal na pagkakaunawa. Kapag nililimitahan ng mga tao ang kanilang sarili sa pribadong pagpapaliwanag ng Banal na kasulatan, kadalasan ay nagpapahayag sila ng magugulo at maling pagkakaunawa sa Biblia.

Nakikita ng ibang Kristiyano ang mga pastor, pari, at guro bilang mga natatanging tao na maaaring magpaliwanag ng Banal na kasulatan. Bunga nito, pinapabayaan ng mga karaniwang tao ang personal na pag-aaral at aplikasyon.

Naniniwala ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw na ang Banal na kasulatan ay kinakailangang pag-aralan kapwa pansarili at pang-komunidad kung saan ang kapwa mananampalataya ay nagbibigay at tumatanggap ng payo sa isa't isa. Sa karaniwan, ang mga kasapi ng komunidad na nagtitipon sa maliliit na pangkat sa Espiritu ni Kristo ay mas higit na makapagbibigay ng paliwanag sa kung ano ang sinasabi ng kasulatan ukol sa isang naiibang kalagayan.

3. Ang komunidad ay namamalas sa harapang pangkat

Minsan nang nailarawan ang simbahan bilang ibon na may dalawang pakpak. Ang isang pakpak ay kumakatawan sa komunidad na sumasamba kung saan ang patindig na relasyon sa Dios ang binibigyang-diin. Ang kabilang pakpak naman ay kumakatawan sa maliliit at harapang pangkat kung saan ang malapit at pahalang na relasyon ang binibigyang-diin.¹⁶ Kapwa ang mga pakpak na ito ay kailangan.

Ang ilang aspeto ng pamumuhay Kristiyano ay pinakamahusay na nagaganap sa isang pangkat ng 12 o mas kaunting tao. Ito ay kadalasang totoo sapagkat tayo ay nagbibigay at tumatanggap ng payo, nagmamalas ng mga kaloob sa misyon, at nagkakaroon ng kasiyahan at pakikisama. Ang mga malulusog na kongregasyon ay iniakma para sa komunidad. Sila ay kadalasang ugnayan ng mga maliliit na pangkat. Ang iba hahantong sa pagsasabing ang maliit na pangkat ang pangunahing yunit ng iglesia.¹⁷

Sa kabuuan, ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay nakakaranas ng komunidad na kung saan si Kristo ang nasa kalagitnaan ng kanilang pamumuhay. Nakikita nila na:

Ubod ng Pagpapahalaga #3:


1. Kinakailangan ang pagpapatawad sa isang komunidad.
2. Nararapat ang pag-uusap at pagmalas ng isang pangkat sa pagpapaliwanag ng Banal na kasulatan.
3. Nauukol sa gitna ng isang simbahan ang malilliit at harapang pangkat.

Ang *paniniwala* kay Hesus, *pakikibilang* sa isang simbahan, at *pag-akto* sa bagong pamamaraan ay nagiging katotohanan sa isang komunidad.

Ikaw ba ay isang Kristiyanong may Anabaptist na pag-iisip?

Ubod ng Pagpapahalaga #3: Ang pagkakasundo ang nasa kalagitnaan ng aming gawain

Isinugo ng Dios ang Kanyang anak na si **Hesus** bilang solusyon sa suliranin ng pagkakasala. Dumating si Hesus upang pagkasunduin ang lahat ng tutugon sa Dios at sa isa't isa. Tinugunan Niya ang lahat ng uri ng pagkakasira at kawalan ng katarungan, at nagsanay ng pangkat ng mga tagasunod na siyang naging mga sugo ng pagkakasundo.



Nagbigay si Hesus ng mga tiyak na hakbang sa pagkakasundo sa loob ng komunidad ng mga mananampalataya gaya ng nakatala sa Mateo 18:15-20. Ang mga tao o pangkat na may sama ng loob ay kailangan lumapit sa isa't isa upang magtuos tungo sa kalutasan ng kanilang mga alitan. Kung hindi malulutas ang alitan, mayroon pang mga kasunod na hakbang kung saan mas maraming kasapi ng komunidad ang magiging kabilang.

Sa Sermon sa Bundok, itinuro ni Hesus na ang kapayapaan at katarungan ay nakakamit sa pamamagitan ng paglapit sa kaharian, pagtalikod sa mga kasalanan, at pagtrato sa kapwa gaya ng nais nilang maging pagtrato sa kanila. “Huwag niyo lamang mahal in ang mga nagmamahal sa inyo,” wika ni Hesus. “Maging ang mga pagano ay ganiyan din ang ginagawa! Mahalin ninyo ang inyong kaaway at ipanalangin ninyo ang mga nagsisipag-usig sa inyo” (Mateo 5:43-48). Makahulugan ang sinabi ni Hesus, at nais Niya itong ipaalam sa atin! Ang pagiging taga-sunod ni Hesus ay nangangahulugang *pagkilos* sa bagong pamamaraan.

Sa katapusan ng kanyang pangagasiwa, winika ni Hesus, “Kung paanong pagsugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman ang pagsugo ko sa inyo” (Juan 20:21). “Magsiyaon kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa, sila ay inyong bautismuhan at ituro sa kanila na kanilang ganapin ang lahat na iniutos ko sa inyo” (Mateo 28:18-20). Bilang bunga, ang mga naunang alagad ay nagsiyaon sa buong mundo na nagtuturo at ipinapakita ang isang bagong buhay upang ang lahat ng tao ay makipagkasundo sa Dios at sa isa't isa.

Isa sa mga pinakamalaking pagsubok na kinaharap ng mga unang Kristiyano ay ang mga pang-lahe, pang-relihiyon, at pang-kulturang alitan sa pagitan ng mga hudyo at hentil.


Ubod ng Pagpapahalaga #3:

Matapos makita na maraming tao mula sa iba't ibang pinanggalingan ang napupuspos ng Banal na Espiritu at lumalapit sa pamilya ng Dios, napagkasunduan ng mga alagad na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, at hindi mga batas o ritwal, ang paraan upang ang mga taong may iba't ibang pinanggalingan ay maging bahagi ng isang katawan at mag-uusbong ng kultura ng kapayapaan.

Sa mga naunang siglo, ang mga tagasunod ni Hesus tumanggap makibahagi sa mga sagupaang-militar. Naunawaan nila na sila ay inutusang mahalín ang kanilang mga kaaway, hindi ang patayin sila. “Ang lahat ng ito ay nagmula sa Dios, na ipinagkasundo tayo sa Kaniya sa pamamagitan ni Kristo at ibinigay sa atin ang ministeryo pagkakasundo,” sabi ni Apostol Pablo sa 2 Corinto 5:18. Kung ang mga naunang Kristiyano ay tatanungin, marahil ay kanilang sinabing, “*Ang pagkakasundo ng mga tao sa Dios at sa kapwa ang nasa kalagitnaan ng aming gawain!*”




Nang simulan ni **Constantine** na pag-isahin ang simbahan at gobyerno, maraming mga pagbabago ang nangyari sa simbahan. Sinabi ni Hesus, “Ang aking kaharian ay hindi sa mundong ito,” ngunit si Constantine ay isang hari. Kinalaunan, naging malabo ang pagkakaiba ng kaharian na pinamumunuan ni Hesus at ang kaharian na pinamumunuan ng mga emperador. Ang paniniwala ng mga naunang Kristiyano ay nakumpromiso. Sa loob ng simbahan, ang iba ay yumaman habang ang iba naman ay naghirap. Ang mga Kristiyano ay naging taga-usig. Ang mga dating lumilikha ng kapayapaan ay nakisapi sa mga digmaan. Sa halip na gamitin ang kanilang lakas sa pangangalat ng mabuting balita, paglikha ng kapayapaan at ministeryo, ang kanilang buong lakas ay ibinuhos sa pagtatayo ng mga malalaking katedral sa halos lahat ng lalawigan sa Europa. Ang pagtatayo ng mga gusaling ito ang naging sentro ng kanilang gawain.



Ang malasakit ni **Augustine** ay nakatuon sa mga moral na usapin tulad ng paglalasing, pag-iimbot, pagsusugal at pangangalunya, ngunit ang kanyang mga katuruan at kasanayan na may kaugnayan sa kapayapaan at katarungan ay mahigpit na ipinagbawal sa mga simbahan na malapit sa imperyo. Sa halip na makipagkasundo sa mga kaaway, naniwala si Augustine na ang pananampalatayang Kristiyano ay dapat na ipagtanggol laban sa kanila. Ang teorya tungkol sa “makatarungang digmaan” ay nabuo, na nagpahintulot sa mga Kristiyano, sa ilang kalagayan, na makibahagi sa karahasan at digmaan. Ang ganitong paglapit sa digmaan ay nanatili sa maraming tradisyong Kristiyano.



Sina **Luther, Zwingli, at Calvin** ay maraming ginawang mabuti. Pinausbong ni Luther ang kaisipang “baol ng komunidad,” at si Calvin naman ay piniling impluwensyahan ang lipunan na mamuhay nang may prinsipyong Kristiyano. Ngunit, kagaya ni Augustine, binigyang-diin nila ang pagpapatawad at pagsunod sa Sampung Utos, subalit kulang ang inilaan na katuruan at kasanayan ukol sa nakapagpapabagong biyaya, pagpapalaganap ng ebanghelyo, at paglikha ng kapayapaan.



Ang mga sinaunang Kristiyano na nasa ilalim ng pamumuno ni **Menno Simons** at iba pa ay nakibaka sa paghahanap ng karaniwang pag-unawa sa kung paano mamuhay bilang katawan ni Kristo sa daigdig na ito. Naniwala sila na ang pagkilos ng Banal na Espiritu at ang

Ubod ng Pagpapahalaga #3:

kanilang pakikipagtipan sa isa't isa ang paraan upang ang mga tagasunod ni Kristo ay maging katulad ni Kristo at *kumilos* na kagaya ni Kristo.

Ang mga unang Anabaptist ay kadalasang nagtitipon sa mga tahanan at maliliit na pangkat kung saan nararanasan nila ang presensya ng Banal na Espiritu at pinag-aaralan ang Banal na Kasulatan bilang saligan ng kanilang pagpapayo sa isa't isa. Ninais ng mga Anabaptist na ang Banal na kasulatan lamang ang kanilang maging natatanging “sandata.” Sa kanilang mga pag-aaral, binigyang-diin nila ang pagbabahagi, kapayapaan sa Dios, kapayapaan sa isa't isa, at kapayapaan sa kanilang mga kaaway.

Ang kilusang Anabaptist sa ilang paraan ay ang kilusan ng Banal na Espiritu noong panahon ng Repormasyon.¹⁹ Hindi tulad ng ibang mga repormista, mas tinatalakay ng mga pinuno ng Anabaptist ang tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magpabago. Naninwala sila na binigyan sila ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang magdisipulo, magpalaganap ng ebanghelyo, lumikha ng kapayapaan, at mamuhay sa payak na pamamaraan.

Ang kilusang Anabaptist ang siya ring pang-ebanghelyong kilusan noong ika-16 na siglo. Kalakip ng pagtitiis at masidhing damdamin, ang mga pinuno – ay nagbuwis ng buhay – umikot sa buong Europa upang ipalaganap ang pagkakasundo ng tao sa Dios at sa kapwa.²⁰ Libu-libong tao ang tumanggap kay Hesus, at sumapi sa mga pagtitipon ng mga Anabaptist na siyang lumaganap na sa buong Europa.

Bilang karagdagan, malaki rin ang naging papel ng mga Anabaptist sa pagpalaganap ng panglipunang katarungan noong kanilang kapanahunan. Karamihan sa mga lokal na pangkat sa loob ng kilusan at nakilala sa kanilang pagbabahagi at ang pagbibigay-diin sa makatarungang pagtrato sa mga tao. Ang kanilang mga pinuno at tagasunod ay tinugunan ang maraming pang-ekonomiya at panglipunang usapin na inilalahad ng mga magsasaka na nag-aalsa laban sa diktaturyal na pamunuan. Ang mga maliliit na pangkat ay nagsilbing panghaliling lipunan kapwa sa Imperyo at sa pyudal na sistema. Hindi aakalain na ang mga tunay na tagasunod ni Hesus, na nabago ng Espiritu ng Dios at nabawtismuhan sa iisang katawan ni Kristo, ay hahawakan ang mga labis na kayamanan at kagamitan kapag nakakita ng mga kapwa na nangangailangan.²¹

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Banal na kasulatan at walang pag-aalinlangan na pagsunod kay Hesus sa araw-araw na pamumuhay, naniwala ang mga Kristiyanong Anabaptist na hindi tama ang pakikisapi sa mga digmaan. Katulad ng mga sinaunang alagad, tumanggi silang sumapi sa hukbong sandatahan bagaman nagtangka na ang mga Turkong Muslim na sakupin ang Europa. Sa halip na lumaban sa kanilang mga kaaway, pinili ng mga Anabaptist na sundin ang halimbawa ni Hesus, na “hindi gumanti ng pagalipusta nang siya’y alipustahin at hindi nagbala nang siya’s magbata” (1 Pedro 2:23)

Ubod ng Pagpapahalaga #3:

Kung sila ay tatanungin, maaaring si Menno Simons at karamihan sa mga sinaunang Kristiyanong Anabaptist ay makikisali sa mga naunang alagad sa pagsasabing, “*Ang pakikipagkasundo ng tao sa Dios at sa isa’t isa ang nasa kalagitnaan ng aming gawain!*”

Ano ang kahulugan nito sa atin ngayon? Ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay naniniwalang:

1. Nararapat tayong tumulong na ipagkasundo ang tao sa Dios

Katulad ng ginawa ng Dios sa pamamagitan ni Hesu-Kristo na ipagkasundo tayo sa Kanya at sa isa’t isa, nais rin ng Dios na tayo ay magkusang-loob na gawin an gating bahagi upang ipagkasundo ang ibang tao sa Kanya sa ating mga Herusalem, Judea, Samaria, at sa mas maluwang na daigdig. Ibinigay sa atin ng Dios ang ministryo ng pagkakasundo!

Ang mga Kristiyanong Anabaptist sa kasalukuyang panahon ay pinagbilinan na magdisipulo, magbawtismo, at magturo ayon sa katuruan at buhay ni Hesus. Nais nilang ang kanilang mga kakilala ay *manampalataya* kay Hesu-Kristo, *mapabilang* sa isang komunidad na kumikilala kay Hesus, at *kumilos* ayon sa nabagong pamamaraan.

Kapag ang mga naghahanap ay “isinuko ang kanilang sarili ayon sa kanilang makakaya sa kung paano rin ang kanilang pagkakakilala kay Kristo,” sila ay mga ipinanganak nang muli.²² Sila ay nabigyan na ng panibagong simula sa buhay. Sila ay mayroon nang mga pagpapahalaga na binibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang ipamuhay nila ang mga ito.

Ang pakikipagkasundo sa Dios ay nag-aakay sa panibagong pamumuhay. Binabago ni Hesus ang pag-iisip, pagkakaibigan, at pag-uugali ng mga tumanggap sa Kaniya. Nababago nang tuluyan ang kanilang kaisipan, damdamin, pisika, pakikitungo sa kapwa, at politikal na pananaw. Ito ay naglalagay sa kanila sa malakas na kaibahan sa daigdig.

2. Nararapat tayong tumulong na pagkasunduin ang mga tao

Ang pagkakasundo ng tao hindi lamang sa Dios kundi maging sa isa’t isa ay nasa kalagitnaan ng aming gawain. Maaari itong mangahulugan ng pagtukoy sa dahilan ng hindi pagkakasundo at tulungan ang dalawan partido na magkasundo sa pamamagitan ng maayos na pakikinig, matapat na pag-amin, pagpapatawad, at karampatang pagsasauli.

Inaalis ng pagpapatawad ang pader ng pagkakasala na umiirall hindi lamang sa pagitan natin at ng Dios, kundi maging sa pagitan natin at ng iba pang kapatiran sa simbahan. Ang pagsasalo sa Huling Hapunan ay nagiging karanasan ng

Ubod ng Pagpapahalaga #3:

pakikipagkapwa na naisasakatuparan lamang kung mayroong pagpapatawad na natamo mula sa Dios at sa isa't isa.

Ang mga Kristiyano ay dapat na maging pagpapala sa mga tao na may iba't ibang pinagmulan, kasarian, at paniniwala. Kapag tayo ay nakatagpo ng mga tao o pangkat na mayroong hindi pagkakaunawaan sa isa't isa, dapat tayong magkaroon ng kaisipang “pagkakasundo” sa halip na paghusga. Ngunit hindi rin natin matutulungan ang iba na humigit pa kaysa nagawa rin natin. Bagaman hinahangad natin na makatulong sa pagkakasundo ng iba, dapat rin lumago ang ating pagkakaunawa sa kung paano tayo dapat na magbago.

3. Nararapat tayong maging sugong kinatawan ng pagkakasundo sa mundo

Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo at kapayapaan ay naipagsasama sa konsepto ng pagkakasundo. Habang sinasabi ng ibang Kristiyano na ang ebanghelyo ang nasa kalagitnaan ng kanilang gawain at inilalagay lamang ng iba ang pagpapalaganap ng kapayapaan, maaaring pinakamainam sabihin na “*ang pagkakasundo ang nasa kalagitnaan n gaming gawain!*” Ang mga layunin ng Dios ay “ipagkasundo ang lahat ng bagay sa Kaniya sa pamamagitan ni Kristo” (Colosas 1:19).

Ang pagtanggig ng mga kasalukuyang Anabaptist na makibahagi sa mga digmaan ay dahilan sa kanilang pananaw sa kaligtasan at pagbabago. Ang mga makabagong digmaan ay nagtuturo sa mga sundalo na pagsinungaling, magalit, at magwasak. Ang mga taong nabago na ay hindi na gumagawa ng mga ganoong bagay. Ang pagpapapayapa ay hindi katulad ng pagpapatahimik. Bilang mga nabagong tagasunod ni Hesus, nararapat nating “labanan” ang kasamaan at kawalang hustisya na kasinlakas ng paglaban ng iba, ngunit kailangang maging iba ang pamamaraan ng ating “paglaban.” Tayo ay hinahamon na makiyon kay Apostol Pablo sa pagsasabing, “...bagaman kami ay naninirahan sa mundo, hindi kami nakikipaglaban na gaya ng sa mundo. Sapagka't an gaming mga sandata ay hindi ukol sa mundo.” (2 Corinto 10:3-4).

Ipinakita ng kasaysayan at karanasan na ang karahasan ay nagdudulot ng mas matinding karahasan. Mababawasan lamang ang karahasan sa pamamagitan ng kawalang dahas at sa pagsugpo ng mga kawalang hustisya na nagdudulot nito. Sa lahat ng panahon at pagkakataon, tayo ay tinawag na gayahin ang halimbawa at espiritu ni Hesus. Si Hesus ay gumamit ng mga salita, pag-aalaga at walang dahas na pagkilos, hindi baril at bomba, upang magkasundo at ilapit ang mga tao sa pamilya ng Dios. Ang ating ugali ay “dapat na maging katulad ng kay Kristo Hesus” (Filipos 2:5).

Mahirap na gawain ang pagkakasundo. Tinatawag tayo nito na ibigay ang ating buhay upang ang mga tao sa mundo ay maipagkasundo sa Dios, sa isa't isa, at maging sa kanilang mga kaaway. Ngunit walang mas makapagpapaligaya pa sa

Ubod ng Pagpapahalaga #3:

pamumuhay nang may pagkakasundo at ang makatulong sa iba upang magkaroon ng magandang relasyon sa Dios at sa kapwa.

Sa kabuuan, ang mga Kristiyanong may Anabaptist na pananaw ay naniniwalang sila ay tinawag upang:

1. Tumulong sa pakikipagkasundo ng tao sa Dios.
2. Tumulong sa pakikipagkasundo ng tao sa isa't isa.
3. Magsilbing kinatawan ng Dios upang magpalaganap ng pagkakasundo sa mundo.

Ang pakikipagkasundo ang nasa kalagitnaan n gaming gawain. Ikaw ba ay isang Kristiyanong Anabaptist?

Konklusyon

Ano ang dapat nating isipin sa paniniwala ng mga Anabaptist sa pananampalatayang Kristiyano? Ano ang matututunan natin dito? Isandaang taon na ang nakalipas, nang sinabi ng propesor na si Rufus M. Jones na “ang mga dakilang prinsipyo ng kalayaan ng konsensya, paghihiwalay ng simbahan at gobyerno, at boluntarismo sa relihiyon, na kinakailangan sa demokrasya, ay hinango sa kilusang Anabaptist noong panahon ng Repormasyon. Ang mga matatapang na pinunong ito ay malinaw na inihayag ang mga prinsipyong ito at hinamon ang mga Kristiyanong tumulad sa kanilang kasanayan.”²³

Ang mga sumusunod bang pahayag ay bumubuod sa iyong pagkakaunawa sa pananampalatayang Kristiyano? Kung oo, ikaw ay isang Kristiyanong may Anabaptist na pananaw!

Si Hesus ang nasa kalagitnaan ng aking pananampalataya.

- ___ Nakatuon ang aking paningin kay Hesus, ang may akda at kabuuan ng aking pananampalataya.
- ___ Binibigyang kahulugan ko ang Banal na kasulatan mula sa pananaw na nakatuon kay Kristo.
- ___ Nakikita ang pagiging Kristiyano bilang pagsunod kay Hesus sa araw-araw na pamumuhay.

Ang komunidad ang sentro ng aking pananampalataya.

- ___ Naniniwala ako na maaaring magkaroon ng komunidad kung may kapatawaran.
- ___ Pinag-aaralan ko ang Banal na kasulatan kasama ang iba upang matukoy kung ano ang kanilang pagkakaunawa at dito sa ating panahon.
- ___ Pinagtitibay ko na ang pagkakaroon ng maliliit na pangkat ay kinakailangan upang magkaroon ng malusog na simbahan.

Ubod ng Pagpapahalaga #3:

Ang pagkakasundo ang sentro ng aking gawain.

___ Ako ay tinawag upang tumulong na ipagkasundo ang tao sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus.

___ Naniniwala ako na ang pagkakasundo ay kinapapalooban rin ng pagpapalaganap ng ebanghelyo at ng kapayapaan.

___ Iwinawaksi ko ang anumang anyo ng kawalan ng katarungan at karahasan, at hinihikayat ko ang mapayapang mapagpipilian sa digmaan at anumang uri ng kaguluhan.

Pananda

1. Jack Trout, *Differentiate or Die* (New York: John Wiley and Sons, 2000).
2. See James C. Collins and Jerry I. Porras, "Building Your Company's Vision," in *Harvard Business Review* (Lewes, Del.: Harvard Business Publishing, September 1996).
3. This alliteration of values is adapted from Grace Davie by Alan Kreider in his book, *The Change of Conversion and the Origin of Christendom* (Eugene, Ore.: Wipf and Stock Publishers, 1999), pp. xiv-xvi.
4. Harold S. Bender, *The Anabaptist Vision* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1944).
5. For a well-researched study of the changes to the process of incorporating new believers into church membership, see *ibid.*, Alan Kreider, *The Change of Conversion*.
6. For a biography of Constantine, see William Smith, ed., *A Dictionary of Christian Biography*, Vol. 1 (New York: AMS Press, 1974), pp. 623-649.
7. For an outline of Augustine's life and theology, see Erwin Fahlbusch, ed., *The Encyclopedia of Christianity*, Vol. 1 (Grand Rapids, Mich.: Eerdmans Publishing, 1999), pp. 159-165.
8. John D. Roth, *Stories: How Mennonites Came to Be* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 2006). See chapter 2 for descriptions of the revolt, reform and renewal of the Reformation.
9. For further understanding on the various streams of Anabaptism, see C. Arnold Snyder, *Anabaptist History and Theology* (Kitchener, Ont.: Pandora Press, 1997).
10. For primary sources related to themes that were important to the Anabaptists, see *Anabaptism in Outline*, edited by Walter Klaassen (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1981).

11. Peter Kehler was a colleague in mission. He served in Taiwan from 1959-1975 and 1991-1993.
12. See Klaassen, *Anabaptism in Outline*, pp. 23-24, 72-73, and 140ff.
13. John H. Redekop, *Politics under God* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 2007). See especially chapter 6, "What does God require of governments?"
14. From a personal conversation at a Mennonite World Conference meeting in Wichita, Kan., 1978.
15. See Roth, *Stories: How Mennonites Came to Be*, chapter 4.
16. William A. Beckham, *The Second Reformation: Reshaping the Church for the 21st Century* (Houston, Texas: Touch Outreach Ministries, 1998), pp. 25-26.
17. For more on the theology and practice of small groups, see two of my publications, *Called to Care* and *Called to Equip* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1993).
18. See Kreider, *The Change of Conversion*, pp. xiv-xvi.
19. Walter Klaassen, *Living at the End of the Ages* (Lanham, Md.: University Press of America, 1992), chapter 4, "The Age of the Spirit."
20. Hyung Min Kim, *Sixteenth-century Anabaptist Evangelism* (Ann Arbor, Mich.: ProQuest, 2002).
21. For a contemporary application of how discipleship relates to issues of justice and social action, see Ronald J. Sider, *I Am Not a Social Activist* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 2008).
22. Samuel Shoemaker, *How to Become a Christian* (New York, N.Y.: Harper and Row, 1953), p. 71.
23. In *The Recovery of the Anabaptist Vision*, edited by Guy F. Hershberger (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1957), pp. 29-30. This volume also includes a wealth of essays on the rise and theology of Anabaptism.

Mga Pananaw at Katanungang Pangdiskusyon

Ubod ng Pagpapahalaga #1: Si Hesus ang nasa kalagitnaan ng aming pananampalataya

*Ituon natin ang ating paningin kay Hesus, na siyang pinagmumulan at kabuuan ng ating pananampalataya.
(Hebreo 12:2)*

Binibigyang-diin ng ibang Kristiyano:	Binibigyang-diin ng mga Kristiyanong Anabaptist:
<p>1. Kamatayan ni Kristo Karamihan sa mga Kristiyano ay nakatuon sa kabanalan ng Dios at ang pangangailangan sa kaligtasan. Idinidiin nila na “si Kristo ay dumating at namatay” at hindi gaanong nabibigyang-pansin ang buhay, katuruan, at makapangyarihang espiritu ni Hesus. Ang Kristiyanismo ay pagpapatawad.</p>	<p>1. Buhay ni Kristo Pinagtibay ng mga Kristiyanong Anabaptist ang kabanalan at pagpapatawad ng Dios, ngunit binibigyang-diin na “si Hesus ay dumating at nabuhay.” Ang Kaniyang kamatayan ay bunga ng Kaniyang naging buhay. Si Hesus na Nabuhay na Panginoon ay binibigyan tayo ng kapangyarihan na isunod ang ating buhay sa kanya. Ang Kristiyanismo ay pagdidisipulo.</p>
Sumasang-ayon ka ba sa pahayag na, “Ang Kristiyanismo ay pagdidisipulo?”	
<p>2. Ang “patag” na Biblia Nakikita ng karamihan sa mga Kristiyano ang kasulatan, hindi si Hesus, bilang pinakamataas na awtoridad. Ang gabay sa pang araw-araw na pamumuhay ay nanggagaling sa iba’t ibang kasulatan na maaring lumapat sa kanilang kalagayan. Ang lahat ng desisyon ay hindi na kinakailangang mapataon sa katuruan at Espiritu ni Hesus.</p>	<p>2. Ang Bibliang “nakatuon kay Hesus” Pinagtibay ng mga Anabaptist na bagaman ang kasulatan ay kinasihan, si Hesus ang kabuuan ng pahayag ng Dios at ang pinakamataas na awtoridad sa paggawa ng anumang desisyon. Isinatuparan ni Hesus ang Lumang Tipan, na siyang kailangan sa kapwa pansarili at panlipunang etiko.</p>
Ipaliwanag ang kaibahan ng Bibliang “patag” at “nakatuon kay Hesus.”	
<p>3. Ang gobyerno bilang pinakamataas na awtoridad Maraming Kristiyano ang naniniwala na sapagkat ang mga pinuno ng gobyerno ay itinakda ng Dios, sila ay dapat na sundin kahit na ang kanilang iniuutos ay salungat sa mga katuruan ni Hesus at sa dikta ng konsensya.</p>	<p>3. Si Hesus bilang pinakamataas na awtoridad Kinikilala ng mga Anabaptist na ang gobyerno ay itinakda ng Dios upang mag-ingat ng buhay at magpanatili ng kaayusan sa mundo. Subalit, hindi sila dapat mas makataas pa sa pagiging Panginoon ni Hesus.</p>
Ano ang kahulugan sa iyo ng pagsasabing, “Si Hesus ay Panginoon?”	

**Ubod ng Pagpapahalaga #2:
Ang komunidad ang nasa kalagitnaan ng aming pamumuhay**

*“Araw-araw,..
Sila ay masayang nagpipira-piraso ng tinapay
sa kanilang mga tahanan, at may malinis na kalooban.
Nagpupuri sila sa Diyos, at kinalulugdan rin sila ng lahat ng tao.”
(Mga Gawa 2:46-47)*

Binibigyang-diin ng ibang Kristiyano:	Binibigyang-diin ng mga Kristiyanong Anabaptist:
<p>1. Pagpapatawad na patayo Maraming mga Kristiyano ang nakatuon lamang sa patayong pagpapatwad ng Dios sa halip na pahalang na pagpapatawad sa kapwa. Ang kanilang pananaw sa pagpapatawad ay isang daan upang magkaroon ng pansariling kaligtasan at buhay na walang hanggan.</p>	<p>1. Pagpapatawad na pahalang Kailangan ng mga Kristiyano ang kapwa pagpapatawad mula sa Dios, at pagpapatawad mula sa kapwa. Ang pagpapatawad ay naglilikhang komunidad at isa itong paraan upang magkaroon ng mapayapang samahan.</p>
Paano nakaka-ambag ang kapatawaran sa komunidad?	
<p>2. Pagpapaliwanag na pansarili Maraming Kristiyano ang ipinapaliwanag ang Banal na kasulatan ayon lamang sa kanilang sariling pagkakaunawa at karanasan. Sa kabilang banda, ang iba naman ay umaasa sa mga bihasang guro o pastor upang ipaliwanag ang Banal na kasulatan para sa kanila.</p>	<p>2. Pagpapaliwanag na pangmaramihan Naniniwala ang mga Anabaptist na ang pansariling pag-aaral ng Banal na kasulatan ay nararapat na may kalakip na pag-aaral kasama ang isang pangkat. Nakahanda ang mga miyembro ng pangkat na magbigay at tumanggap ng payo mula sa kapwa sa Espiritu ni Hesus.</p>
Sa mga anong paraan ninyo pinag-aaralan ang Biblia sa inyong iglesia?	
<p>3. Pagtitipon sa mga santwaryo Iniisip ng karamihan sa mga Kristiyano na ang isang kongregasyon na sama-samang sumasamba ay ang patakaran ng pagiging isang iglesia. Kadalasan, nakikita ang simbahan bilang isang istruktura, organisasyon, o isang gawain na tuwing Linggo ng umaga lamang.</p>	<p>3. Pagtitipon sa maliliit na pangkat Nakikita ng mga Kristiyanong Anabaptist ang iglesia bilang isang pamilya. Makikita na ang mga magagaling na iglesia ay kadalasang naitatag bilang magkakaugnay na maliliit na pangkat kung saan ang mga miyembro ay nagtitipon, nag-aaral, nagbabahaginan, at nagdarasal na magkakasama.</p>
Kung ang maliliit na pangkat ang patakaran ng isang magaling na iglesia, paano ito magiging dakilang katunayan sa inyong kapulungan?	

**Ubod ng Pagpapahalaga #3:
Ang pagkakasundo ang nasa kalagitnaan ng aming gawain**

*“Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito.
Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya tayong mga kaibigan
at hindi na kaaway, at pinili niya kami
upang ang iba pang mga tao ay maging kaibigan rin niya..”
(2 Corinto 5:18)*

Binibigyang-diin ng ibang Kristiyano:	Binibigyang-diin ng mga Kristiyanong Anabaptist:
<p>1. Pagmamatwid sa pamamagitan ng pananampalataya Maraming Kristiyano ang binibigyang-diin ang kabanalan ng Dios at ang pangangailangan na maging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga gawa ni Kristo. Nangangahulugan na ang pagbabagong-loob ay may kalakip na kapatawaran at pagpunta sa langit.</p>	<p>1. Pagbabagong buhay Binibigyang-diin ng mga Kristiyanong Anabaptist ang pagiging likas na mapagmahal/mapagaruga ng Dios. Ninanais nilang mabago ng Banal na Espiritu at maging katulad ni Kristo sa pag-uugali at kilos. Ang pagbabagong-loob ay nangangahulugan ng pakikipagkasundo sa Dios at ang pagkakaroon ng kapangyarihan na mamuhay na katulad ni Hesus.</p>
<p>Kapwa ang pagiging mapagmahal at mapagaruga ng Dios ay mahalaga. Alin sa dalawang ito ang iyong binibigyang-diin?</p>	
<p>2. Sariling kaligtasan Maraming Kristiyano ang tinitingnan ang kaligtasan ayon sa kanilang pansariling pang-unawa. Ang paglikha ng kapayapaan at pagkilos sa lipunan ay karagdagan lamang sa halip na kabahagi ng ebanghelyo.</p>	<p>2. Pamumuhay nang may pagkakasundo Tinitingnan ng mga Anabaptist ang pagkakasundo kapwa sa pansarili at panlipunang pananaw. Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo at paglikha ng kapayapaan ay ipinagsasama sa salitang pagkakasundo.</p>
<p>Anu-ano ang mga hakbang sa pamamagitan ayon sa Mateo 18?</p>	
<p>3. Paglilingkod bilang kawal Maraming Kristiyano ang sumusunod sa awtoridad kahit na ito ay salungat sa katuruan ni Hesus at sa konsensya. Ang iba ay naniniwala sa “mapagpalayang dahas” at sa teorya ng makatarungang digmaan. Kapag sila ay naatasan ng gobyerno na maglilingkod bilang kawal, ito ay kanilang tinatanggap.</p>	<p>3. Paglilingkod na panghalili Ang mga Anabaptist ay sumusunod sa awtoridad hanggang sa pahihintulutan ng kanilang pagsunod kay Kristo. Tumatanggi sila sa anumang kautusan na makibahagi sa karahasan. Mahalaga ang pagtutuwid ng mga kawalang katarungan at ang pakikipagkasundo sa mga kaaway. Matinding hinihikayat ang mga alternatibong paraan upang maglutas ng anumang kaguluhan.</p>
<p>Anu-ano ang ilan sa mga alternatibo sa paglilingkod bilang kawal?</p>	

Mga iba pang babasahin

- ■ BENDER, Harold S., *The Anabaptist Vision* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1944).
- ■ BLOUGH, Neal, *Christ in Our Midst: Incarnation, Church and Discipleship in the Theology of Pilgram Marpeck* (Kitchener, Ont.: Pandora Press, 2007).
- ■ *Confession of Faith in a Mennonite Perspective* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1995).
- ■ DRESCHER, John M., *Why I am a Conscientious Objector* (Morgantown, Pa.: Masthof Press, 2007).
- ■ HERSHBERGER, Guy F., ed., *The Recovery of the Anabaptist Vision* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1957).
- ■ KLAASSEN, Walter, *Anabaptism in Outline* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 1981).
- ■ KLAASSEN, Walter, *Anabaptism: Neither Catholic Nor Protestant*, 3rd edition (Kitchener, Ont.: Pandora Press, 2001).
- ■ KREIDER, Alan, *The Change of Conversion and the Origin of Christendom* (Eugene, Ore.: Wipf and Stock Publishers, 1999).
- ■ MURRAY, Stuart, *The Naked Anabaptist: The Bare Essentials of a Radical Faith* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 2010).
- ■ NEUFELD, Alfred, *What We Believe Together* (Intercourse, Pa.: Good Books, 2007).
- ■ ROTH, John D., *Stories: How Mennonites Came to Be* (Scottsdale, Pa.: Herald Press, 2006).
- ■ SNYDER, C. Arnold, *Anabaptist History and Theology*, revised student edition (Kitchener, Ont.: Pandora Press, 1995).
- ■ SNYDER, C. Arnold, *From Anabaptist Seed* (Kitchener, Ont.: Pandora Press, 1999).

Iba pang aklat ng Missio Dei

- No. 1 Calvin E. Shenk, *Understanding Islam: A Christian Reflection on the Faith of our Muslim Neighbors* (2002).
- No. 2 James R. Krabill, *Does Your Church “Smell” Like Mission? Reflections on Becoming a Missional Church* (2003).
- No. 3 Donna Kampen Entz, *From Kansas To Kenedougou ... And Back Again* (2004).
- No. 4 Alan Kreider, *Peace Church, Mission Church: Friends or Foes?* (2004).
- No. 5 Peter Graber, *Money and Mission: A Discernment Guide for Congregations* (2004).
- No. 6 Craig Pelkey-Landes, *Purpose Driven Mennonites* (2004).
- No. 7 James R. Krabill and Stuart W. Showalter, editors, *Students Talk About Service* (2004).
- No. 8 Lynda Hollinger-Janzen, “A New Day in Mission:” *Irene Weaver Reflects on Her Century of Ministry* (2005).
- No. 9 Delbert Erb and Linda Shelly, *The Patagonia Story: Congregations in Argentina and Illinois Link “Arm-in-Arm” for Mission* (2005).*
- No. 10 *Together in Mission: Core Beliefs, Values and Commitments of Mennonite Mission Network* (2006).*
- No. 11 James R. Krabill, editor, *What I Learned from the African Church: Twenty-Two Students Reflect on a Life-Changing Experience* (2006).*
- No. 12 Ryan Miller and Ann Graham Price, editors, *Together, Sharing All of Christ with All of Creation* (2006).*
- No. 13 Michael J. Sherrill, *On Becoming A Missional Church in Japan* (2007).*
- No. 14 Alicia Horst and Tim Showalter, editors, *BikeMovement: A Mennonite Young Adult Perspective on Church* (2007).*
- No. 15 Jackie Wyse, *Digging for Treasure in Your Own Backyard: Reflections on Missional Experiments in the Netherlands* (2007).*
- No. 16 Alan Kreider, *Tongue Screws and Testimony* (2008).*
- No. 17 Conrad L. Kanagy, *No Purse, No Bag, No Sandals: A Profile of Mennonite Church Planters, 1990-2005* (2008).*
- No. 18 Palmer Becker, *What is an Anabaptist Christian?* (2008). Revised edition (2010).*

*May kopyang Espanyol